Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 206 Serye 2016

JUL 29 2016

Para sa : Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

Mula kay : **BEATRIZ G. TORNO, Ph.D., CESO IV**
**OIC-Panrehiyong Direktor**

Paksa : **MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG WIKA 2016**

Petsa : Hulyo 22, 2016

1. Bilang pag-alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg.24, s. 2016 kaugnay sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wika na may paksang " **Filipino: Wika ng Karunungan**" ay ipinapaalam sa lahat ng dibisyon na magkakaroon ng panrehiyong paligsahan na gaganapin sa bulwagan ng RNEAP, Wangal, La Trinidad sa Agosto 31, 2016 sa ganap na ika-8:00 ng umaga para sa panapos na palatuntunan.

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilalahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Kaugnay sa pagdiriwang, ang iba't ibang paligsahang isasagawa ay ang mga sumusunod:

**KATERGORYA A- ELEMENTARYA**

1. **Masining na Pagkukuwento**

**Mekaniks:**

a. Kategorya A- Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa una, ikalawa at ikatlong baitang.
b. Ang kuwentong ilalahad ay may kaugnayan sa paksa. Maaaring bumuo ng sariling kwento.
c. May nakalaang minimum na dalawang minutos hanggang sa maksimum na apat na minutos para sa paglalahad hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

| | |
|---|---|
| a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa | 35% |
| b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha | 25% |
| c. Pag-iiba ng boses ayon sa tauhan | 10% |
| d. Kabuuang pagtatanghal | 20% |
| e. Kagamitan at kaayusan | 10% |
| **Kabuuan** | **100%** |

Telephone Numbers:
Office of the Director IV -422-1318 Budget and Finance Division -422-5155 Cash Section -309-3017 Record Section -309-3015

2. **Balagtasan**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral na magmumula sa Baitang 4-6.
b. Ang paksa ay may kaugnayan sa paksa.
c. May nakalaang tatlong minutos hanggang sa maksimum na limang minutos para sa pagtatalo.

**Kraytirya:**

a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa__________________ 35%
b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha____________ 25%
c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya______________________ 10%
d. Kabuuang pagtatanghal____________________________________ 20%
e. Kagamitan at kaayusan____________________________________ 10%

**Kabuuan**__________________________________________ **100%**

**KATEGORYA B- JUNIOR HIGH SCHOOL**

1. **Katutubong Sayaw**

**Mekaniks:**

a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula sa Baitang 7 at 8.
b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat na mananayaw.
c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang (5) minutos hanggang sampung (7) minutos hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**

a. Pagkakaisa ng Kilos/galaw______________________________35%
b. Kaalaman sa sayaw ________________________________30%
c. Kasuotan _________________________________________ 15%
d. Kabuuan ng pagtatanghal ___________________________ 20%

**Kabuuan**_________________________________________ **100%**

1. **Dagliang Talumpati**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa Baitang 9 at 10.
b. Ang tanong ay nakahanda para sa mga kalahok.
c. May nakalaang minimum na tatlong minutos hanggang maksimum na limang minutos para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entabl

**Kraytirya:**

a. Kaalaman sa paksa/Kaisahan ng ideya_____________________________ 30%
b. Lakas at linaw ng boses_________________________________________ 20%
c. Paglalahad ng mga patunay_______________________________________ 25%
d. Kaangkupan ng ekspresyon sa mukha, pagpapakita ng pagtitiwala sa sarili_____ 25%

**Kabuuan** _________________________________________ **100%**

4. Ang mga mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto lamang sa dalawang kategorya sa apat na patimpalak ang magrerepresenta sa kanilang Dibisyon para sa Panrehiyong patimpalak.

5. Ang miryenda, pananghalian, medalya at tropeo ay manggagaling sa pondo ng rehiyon subalit ang gagastusin sa pamasahe papunta at pabalik sa paaralan ay manggaling sa pondong lokal, pondo ng paaralan o anumang ibang maaaring pagkukunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.